

Pinsala dulot ng niyebe

Alamin ang tungkol sa pinsala sa niyebe.

Ang pinsala sa niyebe ay hindi limitado sa mga lugar na may malakas na pag-ulan ng niyebe. Sa mga lugar na karaniwang hindi gaanong nakakaranas ng malalakas na pagbagsak ng niyebe at hindi sanay sa niyebe, ang malalakas na pagbagsak ng niyebe ay maaaring magdulot ng panganib sa buhay.

01

Makasaysayang malakas na ulan ng niyebe sa Lungsod ng Kofu

Patuloy na bumagsak ang malakas na niyebe mula ika-14 hanggang ika-15 ng Pebrero 2014, at bumagsak ang 114cm na niyebe sa Lungsod ng Kofu na pinakamataas na pagbagsak na naitala sa kasaysayan mula noong 1894. Bilang resulta, ang network ng transportasyon sa Prepektura ng Yamanashi ay naputol at ito ay naging isang hiwalay na isla. Hanggang noon, ang pinakamataas na pagbagsak ng niyebe sa Lungsod ng Kofu ay 49 cm [Enero 1998]. Ang pag-ulan ng niyebe na 114 cm na higit sa rekord na iyon ay nagdulot ng malaking epekto sa buhay ng mga tao. Ang malalakas na pag-ulan ng niyebe ay nagpapakita ng mga hamon kapag ang isang lugar na karaniwang hindi gaanong nakakatanggap ng niyebe at bihirang makaipon nito ay magkakaroon ng kasaysayang malakas na pag-ulan ng niyebe. Matuto tayo mula sa malakas na ulan ng niyebe noong 2014 at maghanda nang naayon.



Pebrero 2014

Ang Lungsod ng Kofu ay nagtala ng 114 cm ng niyebe, ang pinakamarami sa kasaysayan. Kuha mula sa NPO Disaster and Disaster Prevention Volunteer Future Society

Inaasahang pinsala mula sa niyebe

Pinsala sa tao

Pagkahulog o pagkadulas habang naglalakad, aksidente sa trapiko, aksidente habang nag-aalis ng snow, at iba pa.



Pagkasira ng linya ng buhay

Hindi nagagamit ang mga serbisyo ng kuryente at telepono dahil sa pagkakadiskonekta sa mga kable ng kuryente at linya ng telepono. Ang mga network ng transportasyon tulad ng mga kalsada at riles ay naputol, nagiging mahirap ang paggalaw at apektado ang pamamahagi.



Pagkasira ng gusali

Maaaring gumuho ang mga bahay, carport, at iba pa.




Pinsala ng avalanche

Nangyayari ang mga avalanches sa mga lugar na maraming bundok at dalisdis tulad ng mga lugar na madaling gumuho ang lupa.



Ano ang south coast cyclone?

Ang malakas na pag-ulan ng niyebe noong 2014 ay dulot ng south coast cyclone. Inaasahan ang malakas na niyebe sa Lungsod ng Kofu kapag ang low-pressure system ay papalapit sa timog baybayin. Ang south coast cyclone ay isang low pressure system na gumagalaw sa kahabaan ng timog baybayin ng Honshu mula kanluran hanggang silangan. Karaniwan, ito ay isang low pressure system na nagdudulot ng pag-ulan ngunit ang malamig na hangin ay maaaring maging sanhi ng pag-ulan ng niyebe.



Isa sa mga palatandaan kung ulan o babagsak ang niyebe ay ang temperatura. Kung ang temperatura ay bumaba sa 6°C, may posibilidad nang pag-ulan ng niyebe.




Ang posibilidad ng malakas na pagbagsak ng niyebe ay tumataas dahil sa mga sumusunod: Ito ay kapag ang isang low pressure system ay dumaan sa rehiyon ng Kanto nang hindi masyadong lumalapit.

Ang temperatura ay nagbabago depende sa kalagayan ng low pressure system sa timog baybayin at kahit maliliit na pag-iba sa takbo nito. Sinasabing napakahirap hulaan kung magyeyelo o ulan. Kung papalapit ang isang low pressure system sa timog baybayin, siguraduhing suriin ang impormasyon ng panahon nang madalas at maghanda para sa niyebe.

Sabay-sabay nating suriin



Ano ang nangyayari sa Lungsod ng Kofu kapag nagniyebe nang malakas? Nag-aalala ka ba tungkol sa malakas na niyebe sa mga taon na may mainit na taglamig?



Ang Kofu Basin ay napapaligiran ng mga bundok sa lahat ng panig kaya kung may makapal na niyebe, may panganib na ang network ng transportasyon ay maputol at ang mga tao ay mahihiwalay, at ang pang-araw-araw na gawain sa buhay ay maaabala. Kung may mas kaunting malamig na hangin na dumadaloy, mas mataas ang posibilidad nang pag-ulan kaysa sa niyebe. Gayunpaman, kahit na sa banayad na taglamig, ang malamig na hangin ay maaaring dumaloy. Kung dadaan ang isang low pressure system sa timog baybayin sa panahong iyon, magkakaroon ng mas mataas na panganib ng malakas na pag-ulan ng niyebe kaya hindi natin dapat pabayaang ating pagbabantay kahit na sa isang banayad na taglamig.

Pinsala dulot ng niyebe

Protektahan ang iyong sarili mula sa pinsala dulot ng niyebe.

Para mabawasan ang pinsalang dulot ng malakas na niyebe, naghahanda kami araw-araw. Suriin natin kung ano ang dapat mong pag-ingatan kung sakaling magkaroon ng emerhensiya.

Paghahanda nang maaga

Kapag nagniyebe nang malakas, maaaring maputol ang iyong linya ng buhay. Bawat taon, ang pag-ulan ng niyebe ay nagdudulot nang pagkawala ng kuryente at tubig sa buong bansa. Bilang karagdagan, ang mga aksidente tulad nang pagbagsak sa mga kalsadang nalalatagan ng niyebe at mga aksidente sa trapiko, at iba pa ang naganap.

Mangyaring sumangguni sa mga pahina 39 at 40 para sa mga pangunahing suplay at iba pang mga bagay na maaaring kailanganin mo kung sakaling may niyebe. Pag-usapan natin ito ng buong pamilya at ihanda nang maaga ang mga kailangan sa ating tahanan.

Pagtanggal ng niyebe

Maaaring mabenta agad ang mga kagamitan sa pag-alis ng snow sa huling minuto kaya pinakamahasay na ihanda ito nang maaga.



Proteksyon sa lamig

Ihanda nang maaga ang mga pampainit at kerosene.



Sasakyan

Magkabit ng mga studless na gulong, maghanda ng mga chain ng gulong, at panatilihin puno ang iyong tangke ng gas. Magtabi ng maiinit na damit tulad ng mga kumot sa iyong sasakyan.



Pagkahulog

Upang maiwasan ang pagkahulog, kung maaari, maghanda ng mga bota na may hindi madulas na soles.



Dapat tandaan

Paano maglakad sa mga kalsadang may niyebe upang maiwasan ang pagkahulog

- Huwag ilagay ang iyong mga kamay sa iyong mga bulsa o gamitin ang iyong smartphone habang naglalakad.
- Huwag magdala ng bagahe sa iyong mga kamay hangga't maaari.
- Magsuot ng makapal na damit na nagbibigay ng sapin para hindi masyadong matamaan ang iyong katawan.
- Magsuot ng mga damit na gawa sa water-repellent na materyal nang hindi madaling mabasa.
- Maglakad nang tuwid na may makitid na hakbang.



Mga dapat tandaan kapag nagmamaneho sa mga kalsadang nalalatagan ng niyebe

Siguraduhing gumamit ng mga studless na gulong at mga chain ng gulong, panatilihin ang sapat na distansya sa pagitan ng mga sasakyan, at magmaneho nang mas mabagal kaysa karaniwan. Ang biglaang arangkada, biglaang pagpreno, at biglaang pagpipiloto ay mapanganib. Mag-ingat, lalo na sa mga pasukan ng tunnel at sa mga tulay dahil ang mga kalsada ay madaling magyelo.

Dapat tandaan

Kung hindi ka makaalis

Kung ang tambutso ng muffler ay nabarahan ng niyebe, maaaring pumasok ang exhaust gas sa loob ng sasakyan at magdulot ng carbon monoxide poisoning na labis na mapanganib. Magtanggali ng niyebe nang madalas upang maiwasan na maging barado ng snow ang muffler, o patayin ang makina.

Panganib nang pagkalason sa carbon monoxide

Mapanganib kung ang exhaust gas ay pumapasok sa loob ng sasakyan. Bilang isang pangkalahatang tuntunin, patayin ang makina.

Alisin ang niyebe nang madalas.


Kung kailangan mong i-start ang makina, siguraduhin na ang muffler ay hindi nababaon sa niyebe.



Sabay-sabay nating suriin



Ano ang dapat kong pag-ingatan sa panahon nang malakas na pagbagsak ng niyebe?
Nag-aalala ako kasi hindi ako sanay magpala ng niyebe.



Iwasang lumabas sa panahon ng malakas na niyebe. Maaaring mangyari ang mga pagsasara ng kalsada at pagkagambala sa transportasyon na nagpapahirap sa paggalaw at naglalagay sa iyo sa panganib ng hindi inaasahang pinsala o mga aksidente. Kapag nag-aalis ng niyebe, laging gawin ito kasama ang dalawa o higit pang tao habang mag-ingat sa niyebe na bumabagsak mula sa mga bubong at puno. Huwag magtapon ng niyebe sa mga kalsada o daluyan ng tubig.